Republic of the Philippines
Presidential Communications Office
NEWS AND INFORMATION BUREAU
*PCOO-NIB Building, Malacañang Compound, Malacañang, Manila*
*Telephone Number: 734-3829*

**INTERVIEW WITH INCOMING PRESIDENTIAL SPOKESPERSON**
**ATTORNEY HARRY ROQUE**
**BY CHERYL COSIM AND MAEANNE LOS BAÑOS – PUNTO ASINTADO, AKSYON TV**
**November 2, 2017 ( – 9:38 A.M.)**

**ATTY. ROQUE:** … isang abogado, isang Law professor, isang mambabatas pero hindi ako naging mamamahayag at naiisip ko na angkop sa posisyon ng Tagapagsalita ay isang mamamahayag 'no. Pero matapos ang dalawang araw, nagmuni-muni, nagdasal, eh sabi ko, siguro may dahilan ang Panginoon kung bakit binigyan nitong ganitong paghamon 'no. At naisip ko nga na siguro napakabuting pagkakataon din ito para makagawa ng kasaysayan at hindi lang maging saksi sa kasaysayan 'no. So—

**LOS BANOS:** How are you preparing, Sec., dito sa role na ito? Sabi mo nga hindi ka talaga sanay na maging Tagapagsalita at ang laki noong role ng isang Spokesperson ng Palasyo?

**ATTY. ROQUE:** Well unang una po, nagkakaroon po ako ng katalogo ng mga posisyon ng Presidente 'no dahil importante na ang sasabihin ko ay posisyon ng Presidente at hindi ko sariling pananaw 'no. So ongoing na po iyan, mayroon po akong parang index 'no, subject index kung ano ang mga naging posisyon ng ating Presidente sa iba't ibang bagay-bagay. At pangalawa po, eh inaayos ko din po iyong pamamaraan na malaman ko kung ano talaga nangyayari, dahil ang posisyon ng Tagapagsalita eh lahat halos ng nangyayari, kinakailangan may reaksiyon ng Palasyo 'no—

**LOS BANOS:** Correct.

**ATTY. ROQUE:** At nagkaroon na nga ako ng unang paghamon dahil doon sa nangyaring atake sa New York 'no—

**LOS BANOS:** Yes.

**ATTY. ROQUE:** So inaayos ko iyong proseso, na dapat makarating sa akin kaagad ano iyong issue at kung kinakailangang linawin sa Presidente kung ano ang kaniyang posisyon eh iyong proseso ng pagdadaanan para makarating kay Presidente 'no. Pero nakita ko naman po—

**LOS BANOS:** So inaaral mo ito? Inaaral mo ito, Sec.?

**ATTY. ROQUE:** Opo, opo. Kasi mayroon naman po silang mga sistema diyan sa Palasyo na existing na at nakikita ko naman pong gumagana 'no. Kaya lang po talagang ang importante diyan eh ito iyong trabaho ko na 24/7, kasi kahapon nga po noong nangyari iyong atake sa New York nanonood ako ng sine 'no. *[laughs]* At mabuti na rin nakakuha ako ng alert 'no at mabilis naman po ang response at nagkaroon kaagad ng statement ang Palasyo.

**COSIM:** So iyan po maninibago kayo 'no.

**LOS BANOS:** Oo nga—

**COSIM:** Kahit na anong oras, tulog man ho, kayo nasa banyo—

**LOS BANOS:** Nananaginip—

**COSIM:** Nananaginip. *[laughs]* Mayroon at mayroon ho kayo, 24/7 ho kayo niyan na parang on call, kasi kapag wala—kaagad agad na kailangan mo ng statement mula sa Pangulo eh hindi naman ho natin nakukuha agad ang Pangulo o nahahanap, kayo ho talaga ang unang haharap, ano mang oras iyan, madaling araw man iyan, dis-oras ng gabi—

**LOS BANOS:** Trabaho niya rin talaga iyon—

**COSIM:** Oo, oo.

**ATTY. ROQUE:** Ay bukod pa po doon eh may mga balita na lumalabas na iyon na nga ano, may kailangang kaagad may reaksiyon. Eh kahapon nga noong nanonood ako ng sine, dalawang bagay na ang nangyari 'no ito iyong atake sa New York na tumawag sa akin na na-miss ko iyong call ni Secretary of Foreign Affairs dahil mayroon ding development 'no na kinakailangang mabigyan ako ng *[laughs]*.—

**LOS BANOS:** So huwag kayong manonood ng sine—

**ATTY. ROQUE:** So ngayon nga sabi ko, parang bilang na ang aking mga araw, hindi na ako puwedeng manood ng sine at galit na galit na iyong mga katabi ko dahil tayo ako ng tayo 'no para sumagot ng telepono. Kaya sabi ng misis ko, 'Sa bahay na lang tayo manonood, bibili na lang tayo ng mga CD.' Pero hindi iyong peke iyong mga legitimate. *[laughs]*

**LOS BANOS:** So 5 years—4 years kayong hindi manonood ng sine?

**COSIM:** Ano ho ang reaksiyon ng inyong pamilya, ni misis noong—siyempre kinonsulta ninyo muna bago ninyo in-accept iyong offer?

**ATTY. ROQUE:** Alam ninyo talaga iyong misis ko matagal ng walang tulog dahil nga hindi siya sanay sa ganitong atensiyon noong mambabatas pa lamang ako at mas matindi na ngayon. Pero siguro ang isang nagbibigay assurance sa amin, iyong misis ko kasi dati ng naging mamamahayag, nag-meet po kami sa Kongreso—

**COSIM:** Yes. Yes.

**ATTY. ROQUE:** Noong ako ay nagtatrabaho sa Kongreso noong 11th Congress kung saan Kongresista rin si Presidente Duterte. So sabi ko nga, 'Parang... *[laughs]* nagkakatagpo-tagpo ang mga pangyayari sa aming buhay dahil nakilala ko una si Presidente Duterte noong siya ay Congressman; nakilala ko iyong misis doon sa same Kongreso kung saan kilala rin ng misis ko si Presidente dahil kino-cover niya si Presidente 'no. At ngayong ako ay natalagang Tagapagsalita 'no, halos kalahati pa ng Malacañang Press Corps eh nakasama rin ng misis ko sa Malacañang Press Corps noong siya ay nag-cover noong panahon ni Presidente Fidel Ramos pa.

**COSIM:** Ah okay. So at least ho doon sa inyong paghahanda eh makakatulong si Misis?

**LOS BANOS:** Yes.

**COSIM:** Lalo na iyong pakikitungo niyang—

**ATTY. ROQUE:** Well, iyon nga po napakadami ng ating mga kaibigan na diyan dahil may mga personal na pagkakaibigan nga ang aking misis sa Malacañang Press Corps.

**COSIM:** Okay. Sa pagtanggap ninyo ho nitong posisyon na ito ay hindi maiaalis iyong mga pambabatikos at pagpupuna ho ano, mayroon na—ano ho ang inyong reaksiyon doon sa mga nagsasabi na, 'Aba'y marahil ay talagang ambisyon ninyo na makarating ng Malacañang at makahawak po ng ganitong posisyon' at mas binigyan ninyo ng halaga ito kaysa iyong pagiging human rights advocate ninyo na lalo na sa ganitong—lalo na po sa administrasyon na ito na nababatikos ang human rights?

**ATTY. ROQUE:** Well sa akin po, hindi ko po matatalikuran ang aking mga paninindigan, patuloy po tayong maninindigan sa karapatang pantao. Ang pagkakaiba siguro ng pag-iisip sa akin at doon sa aking mga kritiko, eh sa akin malinaw na iyong dineklara ni Presidente matapos mapatay si Kian na ang pulis ay sagot niya kung ang pagpatay ay sang-ayon sa legal…ng rules of engagement 'no. At kung ito ay illegal, ipakukulong niya 'no.

Sa akin po walang incompatibility, pareho po ang posisyon ng Presidente at kung ano ang sinasabi ng Saligang Batas at batas sa karapatang pantao 'no. So sa akin po, patuloy po tayo sa ating adbokasiya, naniniwala pa rin tayo na ang pinakaimportanteng karapatan ay karapatang mabuhay at dahil ako po ay kapwa abogado ni Presidente, ganiyan din po ang aking tingin, ang Presidente po ay magpapatupad ng batas, hindi po siya ang lalabag sa batas.

**COSIM:** Tinawag ho kayo ng mga kapwa ninyo human rights advocate na maituturing na raw ho kayong ex-human *[signal cut]* sir Walden Bello, iyon na daw po nila itinuturing ikaw?

**ATTY. ROQUE:** Well nagulat po ako sa ganiyang statement ni Walden Bello pero sa akin po hindi pa po ako nagsisimula, hayaan ninyo muna at ako ay gumanap ng aking katungkulan at tingnan ninyo kung ano ang aking gagawin dito sa pagkakataon na sa tingin ko ay magiging epektibo para tunay na ipatupad ang karapatang pantao, maghintay naman po kayo at magmasid.

**LOS BANOS:** Sir, ako curious kasi malamang you will really devote time sa pagsagot sa oposisyon from now until matapos iyong term. How will you face iyong mga likes of Senator Trillanes na talagang matatas iyong dila sa pag-criticize sa Pangulo?

**ATTY. ROQUE:** Well, siyempre po tinanggap ko naman itong posisyon na ito, alam ko na may mga ganiyang batikos. Pero sa akin naman eh kaibigan ko naman po lahat iyan. Iyan ang ibang—iyan ang pagkakaiba ko siguro. Kung si Secretary Abella hindi kakilala lahat iyang mga kritiko; lahat po iyan naging kaibigan ko. Tinuturing ko pa rin pong kaibigan

iyan si Senator Trillanes kaya nga po maski may banat siya, alam ninyong pigil ang banat niya sa akin. At naniniwala naman ako na walang dahilan para maging kaaway ang mga ngayon ay mga matalik na mga kaibigan.

**LOS BANOS:** Sir, political side 'no. Sir, kakapanalo ninyo lang bilang Congressman nitong nakaraang eleksiyon tapos kayo po ay ngayon—kumbaga, nandiyan kayo sa Palasyo. Paano po iyan? Ano ang magiging plano ninyo, sir? Kayo ba ay—'di ba parang sayang eh, nag-uumpisa na po kayo sa Congress?

**ATTY. ROQUE:** Well alam mo mabuti naman, bagama't ako ay labing—14 months pa lang sa Kongreso, halos lahat ng pet bills ko naipasa ko na, iyong Universal Health Care tapos na po iyon sa Mababang Kapulungan; iyong libreng tanghalian para sa mga grade school 'no at kindergarten naipasa ko na po iyon; iyong libreng patubig 'no. Lahat po iyan ay naipasa ko na, iyong Anti Age Bill at saka iyong health promotion natapos ko na rin. Ang hindi ko lang natapos ay iyong IDP Bill na tingin ko naman maisasabatas din dahil nga sa nangyari sa Marawi; iyong Freedom of information na pinapatupad na ng Presidente sa Ehekutibo; at saka iyong Whistleblower Act 'no.

Pero sisiguraduhin ko naman po iyan na patuloy pa rin ang usad ng mga bills na iyan. At baka makatulong pa nga ako 'no dahil iyong IDP bill ang plano ko talaga gumawa ng mga hakbang para ma-certify urgent. Dahil kapag hindi nase-certify urgent eh hindi po naipapasa. Pero sa mga nagbigay po sa akin ng mandato bago po ako umalis sa Kongreso tapos ko na po ang aking legislative agenda at iyan po ay isulong ang kalusugan, pabahay at kabahayan.

**COSIM:** Sec., ang sabi ninyo nga ho ay una kayong nagharap ni Secretary Bong Go. Kayo ho ba ay nakapag-one on one na o nakaharap ninyo na po mismo si Pangulong Duterte at ano ho iyong kaniyang mga bilin ho sa inyo?

**ATTY. ROQUE:** Opo. Nagkaharap po kami noong 27 ng Oktubre at saka magkasama po kami sa Japan. Sabi niya po simple lang 'no: 'Gawin ang tama para sa bayan at huwag na huwag magsisinungaling doon tayo sa totoo.'

**COSIM:** At naitanong ninyo ho ba, 'Bakit ho ako ang inyong napili na Tagapagsalita ninyo?'

**ATTY. ROQUE:** Well ang sabi niya personal na decision niya 'no. Pero sa tingin ko po nakatulong iyong pagiging abogado ko 'no, kasi lahat noong mga nagiging taga

pagsalita hindi abogado. So hindi mabigay iyong legal context na mga pronouncement ni Presidente.

**COSIM:** Nagkaroon—sorry. Nagkaroon ho ba kayo ng pagkakataon na pag-usapan dahil may mga clashing opinions ho kayo eh, 'di po ba on key issues katulad po nitong mga death penalty and iyong lowering po ng age of criminal responsibility. Iyon ay dalawang issue na hindi po pareho ang inyong stance?

**ATTY. ROQUE:** Well patuloy po ang aking mga paninindigan bagama't pagdating sa mga official pronouncement ko siyempre po wala na akong personal na opinyon, opinion lang po ng Presidente.

**LOS BANOS:** Sir, iyong statement ninyo over the weekend, sabi ninyo kasama doon sa reason kung bakit tinanggap ninyo iyong posisyon dahil gusto ninyong marinig kayo o maging audience si Pangulo noong gusto ninyo rin—o iyong posisyon ninyo kaugnay for example sa human rights, so you plan to discuss this with him, sir?

**ATTY. ROQUE:** Well unang una po 'no, sa ayaw at sa gusto ko kinakailangan ko pong malaman kung anong katotohanan ng mga bagay-bagay na itatanong sa akin ng media. So ito po iyong pagkakataon para tawagin ng mga Kalihim, ang mga namumuno para tanungin kung ano talaga ang mga pangyayari para naman magkaroon ako ng katotohanang mga kasagutan sa kanilang mga katanungan 'no. So sa akin po nandiyan po ang mga pagkakataon, narito na po ako sa Malacañang literally at ang tingin ko po ay dahil ang pakiusap ko ay magkaroon ng access sa Presidente, eh mayroon din po tayong pagkakataon 'no na makipag-ugnayan sa kaniya sa mga issue na posible at siguradong itatanong sa akin.

**LOS BANOS:** So kasama talaga sa purpose mo iyan, sir, na kausapin siya tungko sa war on drugs, iyong sinasabi ninyo na iyong way kung paano ginagawa itong war on drugs. May ganoon kayong goal sir while you are in touch?

**ATTY. ROQUE:** Tama po iyan dahil kagaya ng sinabi ko, hindi ko po talaga inaasahan itong pagtatalagang ito pero dahil nariyan na iyan, iniisip ko na kung ano iyong mga pagkakataon para tayo ay gumawa ng kasaysayan at hindi lang maging saksi habang nangyayari ang kasaysayan.

**COSIM:** Okay. Dahil po Secretary ang inyong posisyon, wala na ho kayong ibang opisina na hahawakan ano po? Unlike Usec. Abella because Usec., may ilan din

po siyang opisinang hawak. Kayo po ay talagang magko-concentrate bilang Tagapagsalita? Tama ho ba?

**ATTY. ROQUE:** Mayroon po akong hiningi na concurrent appointment, pero tingnan po natin kung ano po ang magiging reaksiyon ng Palasyo—

**COSIM:** Ano po ang—

**ATTY. ROQUE:** Pero nagkasundo naman po kami ni Secretary Go—

**COSIM:** Secretary Go—

**ATTY. ROQUE:** Na wala namang problema doon sa hinihingi ko.

**COSIM:** Ano po ba ang hinihingi ninyo?

**ATTY. ROQUE:** Hintayin na lang po natin ang pag-anunsiyo kung anong magiging Palasyo tungkol diyan.

**COSIM:** Hint naman diyan, Sec.

**ATTY. ROQUE:** Ano po?

**COSIM:** Bakit ninyo—okay, kung ano man ho itong concurrent position. Bakit ninyo ho ito hiningi?

**LOS BANOS:** Oo anong kinalaman nito, sir?

**ATTY. ROQUE:** Sa tingin ko po importante po iyan para sa aking kredibilidad bilang isang Tagapagsalita at importante po iyan kung ako po ay magbibigay ng tamang mga kasagutan doon sa mga katanungan ng media.

**COSIM:** Hmmm. Nag-isip tuloy kaming dalawa kung ano iyon. Sec., sabihin ninyo na, ano ba iyon?

**ATTY. ROQUE:** Pabayaan ninyo po ang Presidente ang mag-anunsiyo diyan dahil ganoon naman po talaga iyong anyo ng appointment, sa Presidente po iyan.

**LOS BANOS:** But it will be soon sir iyong pag-anunsiyo nila?

**ATTY. ROQUE:** Opo. Opo, malapit na po iyan, opo.

**COSIM:** At hindi po parang—mananatili kang Secretary whether they give that to you or not? Iyong hinihingi ninyo po—

**ATTY. ROQUE:** Opo. Opo.

**COSIM:** Pero basta kasama na iyon sa deal—kasama na po iyon sa pagtanggap?

**ATTY. ROQUE:** Ano naman po iyan, pinag-usapan po namin iyan.

**COSIM:** So more or less talagang mapapasa inyo po itong isa pang posisyon? Today ay inaasahan po na isasagawa ninyo ang inyong kauna-unahang press conference?

**ATTY. ROQUE:** Opo. At in fact dumating na po ako dito sa opisina at hindi ko alam kung saan ako pupunta.

**COSIM:** *[laughs]*.

**ATTY. ROQUE:** Naglalakad po ako pero hindi ko alam kung saan ako pupunta. *[laughs]*. Dahil wala pong nag-greet sa akin sa pintuan. Iyan na po mayroon ng unang bumati sa akin. So baka alam ko na kung saan ako pupunta.

**COSIM:** So, Sec., iga-guide po nila—ngayon pa lang kayo makakatungtong kumbaga kung saan ang opisina mo, saan ka pupunta, iyong magiging ano mo routine mo diyan, ngayon mo pa lang raramdamin?

**ATTY. ROQUE:** Eh in fact po ngayon pumapasok na ako sa tingin ko kung ano iyong magiging opisina ko 'no. Iyan nasa loob na po ako for the first time.

**LOS BANOS:** Did you ever-ever imagine or dream sir na talagang magiging ganiyan ang posisyon ninyo?

**ATTY. ROQUE:** Ah hindi po. Hindi ko po inaasahan ito at ito po ay isang pagkakataon naman na ating tinatanggap, paghamon na tinatanggap.

**LOS BANOS:** Sir, may tanong lang ako, iyong iiwanan ninyo pong posisyon sa House. Paano po iyon, sir?

**COSIM:** Si Salo? *[laughs]*

**ATTY. ROQUE:** Dadaan pa po iyan sa proseso at hayaan po nating umusad ang proseso.

**COSIM:** Okay panghuli na lamang po before we let you go baka magiging busy na ho kayo. Ano ang aasahan natin sa press conference at 10 a.m. sir?

**ATTY. ROQUE:** Well, nandito po ako sa maaga para magkuha muna ng briefing kung paano gumagana talaga itong Office of the Presidential Spokesperson at—nahihiya nga po ako nandito pa ang pangalan ni Secretary Ernesto B. Abella at parang ayaw ko munang gumamit ng kaniyang opisina. So hindi pa po ako papasok doon. Dito muna ako sa labas. *[laughs]*.

**COSIM:** Sino po ba ang inaasahan ninyong makakaharap ninyo ngayon munang umaga, sumalubong po sa inyo diyan?

**ATTY. ROQUE:** Well, nasa loob na po ako, wala na pong sumalubong. *[laughs]*

**COSIM:** *[laughs]*.

**LOS BANOS:** Sir, mang-iintriga lang ako ha. Hindi pa kayo nag-uumpisang Spokesperson pero bumubuo iyong PDP Laban ng senatorial line up. Kayo ba ay natanong kung interisado kayong maging kabilang niyan, sir?

**ATTY. ROQUE:** At this point po, ako ay pinapasa-Diyos ko na po lahat iyan dahil itong mga pangyayari hindi ko naman ginusto. It must be God will 'no. So sa akin, ang aking motto ngayon, 'Thine will be done.'

**COSIM:** Sir, hindi ho ba nakakasama ng loob iyang pagsalubong ho sa inyo ay mayroon pang mga pangalan diyan si Usec. Abella, parang hindi man lang

pinaghandaan iyong inyong dating or because also naintindihan ninyo eh napaka-iksi ng oras para paghandaan?

**ATTY. ROQUE:** Sa akin wala naman po iyan. Okay lang sa akin iyan at naintindihan ko naman po nagpa-pack po dito. Nandito po iyong mga boxes, para na akong reporter na nagre-relay sa inyo kung anong dinatnat ko dito sa opisina. *[laughs]*

**COSIM:** Okay. Naka-boxes na, pero kayo may mga dala na ring gamit o hindi pa po?

**ATTY. ROQUE:** Wala po, dala-dala ko lang ay iyong isusuot ko para sa press conference. Ang akin naman po ay gusto ko lang malaman ang proseso, gusto kong makilala ang mga tao at gusto kong mananghalian dito sa restaurant sa harapan ng opisina ni Secretary Abella. *[laughs]*

**LOS BANOS:** But you will be bringing your own staff sir 'no o staff ni—

**ATTY. ROQUE:** Yes po pero wala pong galawan muna dahil Pasko po.

**LOS BANOS:** O iyon. Walang mawawalan ng trabaho.

**COSIM:** Sec., walang stress eating ha.

**ATTY. ROQUE:** Ay wala po stress eating at kailangang magpapayat.

**COSIM:** Mas lalo mong kailangan bigyan ng halaga yung iyong kalusugan dahil katulad po ng nabanggit—nasabi namin ni Maeanne, aba ay 24/7 kana dapat katabi mo iyong telepono mo—

**LOS BANOS:** Huwag kang nanonood ng sine sir ha.

**ATTY. ROQUE:** Hindi rin po ata po pupuwede. *[laughs]*

**COSIM:** At siguraduhin ninyo po kung kayo ay magbabanyo hawak ninyo pa rin ang telepono ninyo. *[laughs]*

**LOS BANOS:** Oo, correct.

**COSIM:** Iba na ho ang buhay, ano po.

**LOS BANOS:** At sir sana tatanggapin mo pa rin iyong tawag namin ha dahil kukulitin ka namin.

**COSIM:** Thank you.

**ATTY. ROQUE:** Wala namang problema iyan. Paumanhin lang po dahil marami talagang tumatawag at isa-isa lang ang puwedeng sagutin.

**COSIM:** Opo. So, Sec., siguro po huling mensahe. Kahit na ho sabihin natin na, 'Ah marami na tayong Secretary ng—Presidential Spokesperson na nakausap or humarap pero iba ho kasi sa administrasyong ito 'no. Ano po ang aasahan ng taong bayan at hindi lamang po ng DDS supporters, iyan iyang DDS supporters?

**ATTY. ROQUE:** Alam ninyo po noong tinanggap ko ito, naisip ko na siguro ang pagtatanggap sa paghamon na ito ay hindi lang paninilbihan sa Presidente kung hindi paggalang na rin doon sa labing anim na milyong na nagbigay ng mandato sa Presidente para mamuno. Ang pagseserbisyo po sa Pangulo ay pagseserbisyo sa bayan at asahan ninyo po ang serbisyong tapat pa rin.

**COSIM:** Basta po ah, may utang ka po sa amin, magla-live ka dito kapag medyo naka-settle kana po diyan.

**LOS BANOS:** Kapag may pangalan kana diyan sir, sa office.

**ATTY. ROQUE:** Opo, iyan po ang pangako ko 'no at asahan ninyo naman po iyan dahil ang isa sa inyo po mas malapit sa bahay ko kaysa itong opisina.

**COSIM:** Ah okay. So dadaan ka muna sa amin bago pumasok sa opisina?

**ATTY. ROQUE:** Tama po iyan.

**LOS BANOS:** Sir, iyan ay kung makakauwi ka pa sa bahay mo.

**COSIM:** Ay hindi.

**LOS BANOS:** Posibleng kasing diyan kana matulog. *[laughs]*

**ATTY. ROQUE:** Plano ko naman po iyon.

**COSIM:** Marami pong salamat—

**ATTY. ROQUE:** Okay, marami pong salamat po.

**COSIM:** And again thank you for taking our call ang good luck po sir.

**LOS BANOS:** Thank you sir.

**ATTY. ROQUE:** Okay, thank you, thank you.

###